

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-3 ng Mayo 2021

IHS Markit Philippines Manufacturing PMI®

Muling pagdami ng kaso ng COVID-19, nagresulta sa mga pagsasara ng pabrika at bagong pagbagsak sa output noong Abril

Key findings

Ang contraction sa output ang isa sa pinakamabilis na naitala

Bagong pagbagsak sa aktibidad sa pagbili

Nasa pinakamataas na antas ng inflation ang presyo ng input sa loob ng dalawa at kalahating taon

Ang data ng Abril 2021 ay nakolekta noong 12-23 Abril 2021.

Batay sa Philippines manufacturing PMI™, may bagong contraction sa mga antas ng output sa buong sektor na gumagawa ng mga produkto noong Abril. Nagresulta ang muling pagtaas ng bilang ng kaso ng COVID-19 sa mas istriktong mga paghihigpit sa lockdown sa kabila ng mga pagsisikap na kontrolin ang pagkalat ng sakit. Bilang resulta, maraming pabrika ang nagsuspende ng kanilang mga pagpapatakbo, at mabilis na bumagsak ang demand ng kliyente. Nagresulta ang mas kaunting mga kinakailangan sa output sa ikalabing-apat na magkakasunod na pagbabawas sa trabaho habang nakadaragdag ang mga kakulangan sa materyales sa mga pagkaantala sa paghahatid. Samantala, nagpatuloy ang pagbaba ng pananaw para sa susunod na 12 buwan para sa output sa simula ng quarter at ito ang pinakamababa sa kasaysayan ng serye.

Sa aspeto ng presyo, nagresulta sa mas mabilis na pagtaas sa mga presyo ng input ang mga kakulangan sa materyales at mas malaking singil sa freight na parehong nauugnay sa pandemya. Tumugon ang mga negosyo sa pamamagitan ng pagtaas sa mga singil sa pagbebenta.

Nakapagtala ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ng mabilis na pagbaba sa 49.0 mula 52.2 noong Abril na nagpapahiwatig ng bahagyang contraction sa mga kundisyon sa pagpapatakbo sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Mas mababa sa neutral na 50.0 na value ang headline na index pagkatapos ng tatlong magkakasunod na buwan ng paglago.


Binigyang-diin ng mga nagmamanupaktura sa Pilipinas ang malaking pagbagsak sa output sa simula ng quarter na labis na iniugnay sa mga hakbang sa enhanced community quarantine (ECQ) na isinasagawa para makontrol ang pagkalat ng sakit. Tumaas nang husto ang rate ng pagbaba, at ito ang pinakamabilis sa survey sa kasalukuyan.

Bilang resulta ng mas istriktong mga hakbang sa lockdown, maraming kliyente ang nagsuspende ng kanilang mga pagpapatakbo dahil sa pagbaba ng demand sa unang pagkakataon mula noong Disyembre 2020. Bumaba nang husto ang lokal na demand kung saan ang rate ng pagbaba ang pinakamabilis sa serye. Gayunpaman, batay sa ulat, nagresulta sa mas mahinang pagbagsak sa mga export ang mas tumaas na benta sa mga merkado sa Europe na nagsimulang unti-unting muling magbukas.

Malaki ang ibinawas sa mga pagkuha ng manggagawa ng mga kumpanya sa buwang iyon kung saan may mahinang demand at mga boluntaryong pag-alis ng mga empleyado na madalas na nababanggit na dahilan ng pagbaba sa employment. Nararanasan na ngayon ang pagbabawas sa trabaho bawat buwan

ipinagpatuloy...

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Source: IHS Markit.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Shreeya Patel, na Ekonomista sa IHS Markit, na:

"Batay sa survey noong Abril, may setback para sa ekonomiya ng Pilipinas kung saan nakaranas ng contraction ang mga kundisyon sa pagpapatakbo pagkatapos lang ng isang buong quarter ng paglago. Nagresulta ang mas istriktong mga paghihigpit sa isa pang yugto ng mga pagsasara ng pabrika at negosyo kung saan partikular na malubhang naapektuhan ang output. Samantala, nagpatuloy sa pangalawang quarter ng 2021 ang mga pagbabawas ng manggagawa.

"Muling nakita ang mga pressure sa supply at tumataas na gastos sa kabuuan ng pinakakasalukuyang yugto ng survey kung saan maraming iniulat na kakulangan sa materyales at pagkaantala sa transportasyon. Umaasa ang mga kumpanyang malulutas ang mga isyung ito, pero habang hindi pa ganap ang epekto ng pagbabara sa Suez, inaasahang mararamdaman ang pagkaantala sa pandaigdigang kalakalan.

"Sa mas magandang banda, binigyang-diin ng mga mambabatas ang kahalagahan ng programa ng pagpapabakuna sa pagpapabalik ng pagiging normal at bagama't may kabagalan ang pag-usad sa simula, mukhang bumibilis ang paglulunsad nitong mga kamakailang linggo."

mula noong Pebrero 2020 kung saan pinakamabilis ang pinakakasalukuyang pagbabawas sa loob ng apat na buwan. Kaugnay nito, nagpapahiwatig ang tuloy-tuloy na yugto ng pagbabawas ng mga backlog ng sapat na kapasidad sa mga nagmamanupaktura sa Pilipinas.

Nakaranas ang mga producer ng mga produkto ng isa pang malalang pagbaba sa performance ng supplier noong Abril kung saan itinala ng mga tumugon na tumagal nang husto ang mga lead time at limitadong availability ng raw material dahil sa mga paghihigpit na nauugnay sa virus. Bilang resulta, humarap ang mga kumpanya sa mga karagdagang subcharge at mas mataas na gastos sa freight.

Nagresulta ang bagong pagbagsak sa output at mga bagong order sa pagbabawas ng mga kumpanya sa aktibidad sa pagbili ng mga ito. Pang-apat na pinakamabilis sa history ng serye ang pagbagsak. Samantala, naging bahagya ang paglago ng imbentaryo bago at pagkatapos ng produksyon sa gitna ng mas mahinang demand at mga tumaas na gastos sa raw material.

Maraming iniulat na mga kakulangan sa input at mas mahal na gastos sa raw material sa pinakabagong yugto ng survey. Tumaas ang inflation ng presyo ng input sa loob ng anim na magkakasunod na buwan kung saan pinakamabilis ang pinakakasalukuyang pagtaas sa mahigit dalawa at kalahating taon. Bilang resulta, iniulat na nagresulta ito sa mas mabilis na pagtaas sa mga singil sa output na itinakda ng mga nagmamanupaktura, habang nilalayan ng mga kumpanya na bahagyang ipasa ang mas malalaking gastos sa mga kliyente.


Naapektuhan din ng mga pagbaba sa produksyon at bagong order ang kumpiyansa ng negosyo noong Abril kung saan pinakamababa sa loob ng walong buwan ang antas ng positibong pananaw kaugnay ng pagtaas sa output sa paparating na taon. Sa kabila nito, nanatiling positibo sa pangkalahatan ang pananaw kung saan may mga pagbanggit sa pagkakaroon ng pag-asa dahil sa mga pagpapabakuna.

PMI Output Index

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan

Produksyon ng manufacturing

%yr/yr



Sources: IHS Markit, CSO.

Makipag-ugnayan

Shreeya Patel
Economist
IHS Markit
T: +44 134 432 8196
shreeya.patel1@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
T: +1-781-301-9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Hindi nirebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasabayos.

Ang data ng Abril 2021 ay nakolekta noong 12-23 Abril 2021.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2021 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katherine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa <https://ihsmarkit.com/products/pmi.html>.